

SA PANGKALAHATAN PAANO SILA IHAHAMBING?

Habang mas mahusay na magsaliksik nang detalyado ang bawa't paaralan kung saan ka interesado at ihambing ito sa ibang mga espesipikong mga paaralan, ipinapakita sa mga pag-aaral na ang ilang mga uri ng mga paaralan ay may posibilidad na magbigay ng mas mahusay na mga kinalalabasan kaysa sa iba. Ang isang pag-aaral ng Sentro para sa Responsableng Pagpapahiram [Center for Responsible Lending] ng data ng Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos mula sa mga kolehiyo ng California mula Setyembre 2018 ay natagpuan ang sumusunod:

Ang mga antas ng pagtatapos sa mga pampubliko at hindi pinagkikitahang pribadong unibersidad (63.3% at 64.5% ayon sa pagkakabanggit) ay mas mataas kaysa sa mga nasa pinagkikitahang kolehiyo (36.6% lamang)

Ang porsyento ng mga mag-aaral na kumukuha ng mga pautang ng mag-aaral ay mas mataas sa mga pinagkikitahang paaralan (64.8%), kaysa sa mga pampubliko at hindi pinagkikitahang pribadong paaralan (38.7% at 53.7% ayon sa pagkakabanggit)

Ang halaga ng pagkautang sa pagtatapos ay mas mababa sa mga pampublikong unibersidad (\$16,136) kaysa sa hindi pinagkikitahan (\$23,565) at para sa pinagkikitahan (\$31,345) na mga kolehiyo.

Ang mga mag-aaral sa mga pinagkikitahang paaralan ay may mas mataas na antas ng default [palya sa pagbabayad] (10.1%) kaysa sa mga nasa pampubliko (4.2%) at hindi pinagkikitahang pribadong mga unibersidad (4.5%).

(Pinagkukunan: <https://www.responsiblelending.org/map/pdf/ca.pdf>)

MGA KAGAMITAN SA PAGSALIKSIK AT PAGHAHAMBING

Ang pagsasaliksik ng isang paaralan bago magpasiya ay kritikal. Mayroong iba't ibang mga kagamitan na makakatulong sa iyo upang malaman ang mga pangunahing sukatan tungkol sa mga paaralan na iyong isinasalang-alang, tulad ng gastos sa pagdalo, mga antas ng pagtatapos, karaniwang pagkautang ng mga nagtapos, at mga suweldo.

Scorecard ng Kolehiyo (www.collegescorecard.ed.gov)

Pinapakita ang mga antas ng pagtatapos, mga suweldo pagkatapos ng pagdadalo

Pinapahintulot ang madaling paghahambing sa pagitan ng mga paaralan

Pilyego ng Katotohanan sa Pagganap ng Paaralan (maghanap sa website ng paaralan)

May impormasyon sa pagtatapos at suweldo para sa mga paaralan na WALA sa scorecard ng kolehiyo

Ang mga pinagkikitahang paaralan na kinokontrol ng California Bureau of Private Postsecondary Education ay dapat gawin ang kanilang pilyego ng katotohanan sa pagganap ng paaralan para sa bawa't akademikong programa na magagamit sa kanilang [website](#).

Ang mga pilyego ng katotohanan ay dapat magpakita ng mga sumusunod para sa mga naunang dalawang taon:

Mga Antas ng Pagtatapos, Mga Antas sa Paglalagay sa Trabaho, Part Time laban sa Full Time na Trabaho, Bilang ng mga Nagtapos na mga Nagtatrabaho para sa Sarili/Malayang Trabahador na Posisyon, Bilang ng mga Nagtapos na nasa Pang-institusyong Trabaho, Mga Antas ng Pagpasa sa Eksaminasyon ng Lisensya (kung naaangkop), Impormasyon sa suweldo at sahod, Gastos ng programang pang-edukasyon, Karaniwang halaga ng pagkautang sa pederal na pautang ng mag-aaral.

ProPublica Debt By Degrees (www.projects.propublica.org/colleges/)

Nagbibigay ng mas detalyado/may-kaugnayang impormasyon tungkol sa sitwasyon sa pananalapi ng mga nagtapos

Halimbawa, maaari itong magpakita ng karaniwang paggastos sa pagtuturo sa bawa't mag-aaral, at mga halaga ng pagbabayad para sa mga pautang ng mag-aaral pagkatapos ng pagtatapos

CFPB Paying for College (www.consumerfinance.gov/paying-for-college/)

Pinapahintulot ang direktang paghahambing ng mga pakete ng pampinansyal na tulong at kinakalkula ang mga posibleng pagbabayad sa pautang

TICAS (The Institute for College Access and Success [Ang Instituto para sa Pagpunta at Tagumpay sa Kolehiyo]) ay may ilang bilang ng mga malawak na pag-aaral at data, lalo na tungkol sa mga problema sa nanunulisan na mga kolehiyo (<https://ticas.org/our-work/accountability/>)

PAGPILI NG ISANG KOLEHIYO: MAGSALIKSIK NG IYONG MGA MAPIPILIAN

Sa pangkalahatan ang mga kolehiyo ay nahuhulog sa tatlong malalaking kategorya: mga pampubliko, pribadong pinagkikitahan, at pribadong hindi pinagkikitahan na mga paaralan. Maaaring magkaroon ng mga kalamangan at kawalan sa bawa't uri, pati na rin ang mga pagkakaiba sa gastos at kalidad ng edukasyon. Mayroong mga kagamitan na magagamit online upang magsaliksik ng isang kolehiyo upang makita kung paano ito naaangkop sa iyong mga pangangailangan at nahahambing sa ibang mga kolehiyo.

HERA

housing and economic rights advocates

Kung nais mo ng karagdagang payo tungkol sa pagpipili ng isang paaralan, pag-aaplay para sa pampinansyal na tulong, o pangangasiwa sa iyong pagkautang ng pautang ng mag-aaral, maaari ka ring makipag-ugnay sa amin. Housing & Economic Rights Advocates (HERA) P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604 Telepono: 510-271-8443 ext. 300 Fax: 510-868-4521 E-mail: inquiries@heraca.org
www.heraca.org

MGA PAMPUBLIKONG KOLEHIYO SA CALIFORNIA

Ang sistema ng mataas na edukasyon sa California ay binubuo ng tatlong mga magkakaibang uri ng mga kolehiyo:

1. MGA KOLEHIYONG PANGKOMUNIDAD ay dalawang-taong mga pampublikong kolehiyo na nag-aalok ng mga Associate na digri at isang daan upang lumipat sa mga unibersidad sa California.

MGA KINAKAILANGAN: Walang minimong GPA; walang mga pagsusulit o mga sanaysay na kailangan upang matanggap.

BAYAD SA PAGPAPATALA AT MATRIKULA:

Ang bayad sa pagpapatala ay \$46 bawa't yunit (ang kabuuan ay maaaring humigit sa \$1,100 bawa't taon para sa isang full-time na residente ng California)

Maaring makakuha ng pagpaubaya sa bayad sa pagpapatala (matrikula) batay sa pinansiyal na pangangailangan sa ilalim ng *California Promise Grant* (Pangakong Kaloob ng California)

Tingnan ang <https://www.cccapply.org/en/money/california-college-promise-grant>

2. UNIBERSIDAD NG ESTADO NG CALIFORNIA ay apat-na-taong pampublikong unibersidad na nag-aalok ng mga digri sa Bachelors at digri sa post-graduate (pagkatapos ng pagtatapos) sa 23 mga kampus sa buong estado (EX. Chico, San Diego, San Jose, and San Luis Obispo).

MISYON: Undergraduate na edukasyon at graduate na edukasyon sa pamamagitan ng masters digri, kasama ang edukasyon ng propesyonal at guro.

MGA KINAKAILANGAN: Kailangang matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat upang matanggap, kabilang ang mga kinakailangang gawaing kurso sa mataas na paaralan at ilang mga pamantayang puntong marka:

Tingnan ang: https://www2.calstate.edu/apply/freshman/getting_into_the_csu/Pages/admission-requirements.aspx; https://www2.calstate.edu/apply/freshman/getting_into_the_csu/Pages/testing-requirements.aspx

BAYAD SA PAGPAPATALA AT MATRIKULA: Ang mga bayarin sa matrikula at pagpapatala ay magkakaiba sa bawa't kampus nguni't sa pangkalahatan ay halos \$7,000 bawa't taon para sa mga residente ng California (hindi kasama ang mga libro, mga kagamitan, pabahay, o transportasyon)

Pinagkunan: <https://www2.calstate.edu/attend/paying-for-college/Documents/20-21-coa.pdf>

3. UNIBERSIDAD NG CALIFORNIA ay apat-na-taong pampublikong unibersidad na nag-aalok ng mga digri sa Bachelors at digri sa post-graduate (pagkatapos ng pagtatapos) sa 10 mga kampus:

(ex. Berkeley, Davis, Los Angeles, Santa Barbara, and Santa Cruz.

LAYUNIN: Upang magsilbi bilang pangunahing institusyon ng pang-akademikong pananaliksik ng California at magbigay ng undergraduate, nagtapos at propesyonal na edukasyon.

MGA KINAKAILANGAN: Kailangang matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat upang matanggap, kabilang ang mga kinakailangang gawaing kurso sa mataas na paaralan at ilang mga pamantayang puntong marka:

Tingnan ang: <https://admission.universityofcalifornia.edu/admission-requirements/international-applicants/applying-for-admission/>

BAYAD SA PAGPAPATALA AT MATRIKULA: Ang mga bayarin sa matrikula at pagpapatala ay magkakaiba sa bawa't kampus nguni't sa pangkalahatan ay halos \$14,000 bawa't taon para sa mga residente ng California (hindi kasama ang mga libro, mga kagamitan, pabahay, o transportasyon)

Pinagkunan: <https://admission.universityofcalifornia.edu/tuition-financial-aid/tuition-cost-of-attendance/>

MGA PRIBADONG KOLEHIYO SA CALIFORNIA

MGA HINDI-PINAGKIKITAHANG PRIBADONG PAARALAN ay nagpapatakbo na may isang misyon na pang-edukasyon, at ang pondo ay ibinabalik sa kurikulum, pagtuturo, at iba pang mga operasyon ng kolehiyo (mga halimbawa: Unibersidad ng San Francisco, Unibersidad ng Santa Clara, Stanford University). Sila ay nakatuon sa pagpapabuti ng karanasan ng mag-aaral at pagpapataas ng tagumpay ng mag-aaral, sa halip na paglikha ng kita.

BAYAD SA PAGPAPATALA AT MATRIKULA: Nag-iiba-iba ang mga gastos sa pagitan ng mga paaralan, nguni't maaaring \$30,000 - \$50,000 bawa't taon (hindi kasama ang mga libro, mga kagamitan, pabahay, o transportasyon)

(MGA) POSIBLENG ISYU:

Ang ilan sa mga hindi-pinagkikitahang paaralan ay maaaring "palihim" na kumikita à suriin ang katibayan sa WASC Senior College at University Commission, na nagsusuri at nagsisiguro sa kalidad ng mga programa ng edukasyon: <https://www.wscuc.org/>

MGA PINAGKIKITAHANG PRIBADONG PAARALAN ay pag-aari at pinamamahalaan ng mga independiyenteng mga negosyo na nakatuon sa paggawa ng kita (mga halimbawa: Unibersidad ng Phoenix, Ashford University, DeVry University at ang saradong ITT Technical Institute at mga Corinthian na paaralan). Ang modelo ng negosyo ay madalas na dinisenyo upang makakuha ng pinakamataas na pederal na kaloob sa mag-aaral at pagpopondo ng pautang na may mas kaunting pagdidiin sa kalidad ng edukasyon kaysa sa mga pampubliko o pribadong hindi-pinagkikitahang mga kolehiyo.

BAYAD SA PAGPAPATALA AT MATRIKULA: Nag-iiba-iba ang mga gastos sa pagitan ng mga paaralan, maaaring \$10,000 - \$20,000 bawa't taon, hindi kasama ang mga libro, mga kagamitan, pabahay, o transportasyon

MGA POSIBLENG ISYU:

Mga problema sa maling impormasyon tungkol sa gastos at mga benepisyo ng mga programa, mga antas ng pagtatapos, mga suweldo pagkatapos ng pagtatapos, mga serbisyo sa paglalagay ng karera. Maraming mga pinagkikitahang kampus ay nagsara ng mga kamakailang taon dahil sa mga mapangharang na kasanayan. Maaari ang mga kredito ay hindi maaaring ilipat sa ibang mga paaralan. Madalas ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa paghahanap ng trabaho sa kanilang larangan ng pag-aaral.

Ang mga mag-aaral humihiram ng pautang na pumapasok sa mga pinagkikitahang paaralan ay naka-default (pagpalya sa pagbabayad) sa mas mataas na singil